JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Ihustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
## Talino at Kakayahan, Ibabahagi Ko



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Sa araling ito, tutulungan tayo kung paano pa natin mahubog ang ating mga angking kakayahan na hindi pa natin natutuklasan.

Ang modyul na ito ay naghahanda ng mga gawaing makatutulong na nakapagpakita ng pasasalamat sa mga kakayahan o talinong bigay ng Panginoon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng taglay na talino at kakayahan sa iba.

**EsP2PD-IVe-i-6**



# Subukin

**Panuto**: Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Si Ana ang pinili ng kanilang guro dahil alam niya na magaling siyang kumanta.

   Ano ang gagawin ni Ana?

   **A.** Sasabihin sa guro na magkakasakit siya sa araw ng paligsahan.
   **B.** Tatanggapin at maghahandang mabuti.
   **C.** Iiyak at aawayin ang guro .

2. Sinabi ng ama nina Maria at Jane na sasayaw sila sa kaarawan ng kanilang lolo Pedro.

   Ano ang dapat gawin ng magkapatid?

   **A.** Hindi sila sasayaw dahil walang premyo.
   **B.** Sabihing sa susunod na lang na kaarawan.
   **C.** Sasayaw nang masaya ang loob

3. Alin sa sumusunod ang dapat mong gawin ng makita mong umiiyak si Rene sa upuan dahil hindi niya alam ang magpinta ng kabayo.

   **A.** Lalapitan mo si Rene at tutulungan.
   **B.** Sasabihan mo si Rene na hindi siya magaling.
   **C.** Ipagsasabi sa kaklase na hindi marunong si Rene.

4. Anong nararapat mong gawin sa katangian at kakayahan na ibinigay sa iyo ng Panginoon?
   **A.** Ipagyayabang ang mga ito sa ibang tao.
   **B.** Tutuklasin at pagyayamanin
   **C.** Huwag pansinin ang kakayahan.
5. Ano ang gagawin mo kung magaling kang kumanta, sumayaw at gumuhit?
   **A.** Ipagwawalang- bahala ang kakayahan.
   **B.** Sasanayin ang kakayahan.
   **C.** Sasarilinin ang kakayahan.

## Modyul 6 Talino at Kakayahan, Ibabahagi Ko



### Balikan

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang isinasaad sa bawat pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung hindi wasto ang isinasaad.

◯ 1. Masaya ako kapag nakapagtatanghal ako sa aming palatuntunan.
◯ 2. Ayokong sumali sa anumang palatuntunan sapagkat nahihiya akong ipakita ang aking taglay na talento.
◯ 3. Gagamitin ko ang aking kakayahan at talino sa wastong paraan.
◯ 4. Pasalamatan ang Diyos sa naangking katangian at kakayahan.
◯ 5. Huwag pagyamanin ang mga kakayahan upang hindi maibahagi ito at di magamit sa kabutihan.



# Tuklasin



https://bit.ly/3mG1IG8



https://bit.ly/3lyU6ne



https://bit.ly/33zT30c

Ang pagbabahagi ng kakayahan ay isang magandang ugali.

Sa unang larawan, ipinakita ni Marie ang husay sa pagluluto kaya madali niyang matulungan ang kanyang ina sa pagluluto sa kanilang karenderya.

Ang pangalawang larawan, ipinapakita na ang magkapatid ay may kakayahan na mag-alaga ng mga pananim kung kaya't tuwang-tuwa ang mga guro nila dahil sa kanilang kasipagan.

Ang panghuling larawan ay ibinahagi niya ang kanyang mga nalalaman sa iba. Hindi ipinagdadamot ni Marmie ang taglay niyang talino.

Ang bawat bata ay may kanya-kanyang angking talino at kakayahan. Maraming paraan para maibahagi natin ang taglay nating kakayahan sa iba. Nakatulong ka na mapasaya sila.



# Suriin

**Tandaan:**

Ang talino ay isang pambihira at likas na kakayahan. Kadalasan namamana natin ito mula sa ating mga magulang na kung tawagin ay *genetics*.

Ang kakayahan ay kalakasang intelektwal. Ito ay likas o tinataglay ng tao dahil rin sa kanyang kakayahang mag-isip. Minsan natutunan din natin ito mula sa ating mga nakikita at mamamangha nalang tayo na may kakayahan din pala tayong gawin kung ano ang nakikita natin. Ang bawat tao ay may kanya- kanyang panahon ng pagsibol. Hindi dapat mawalan ng pag-asa kung hindi agad natin ito natutuklasan.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat sa patlang ang ginagawa ng nasa bawat larawan.



https://bit.ly/3lBp2TM

**1.**_________________



https://bit.ly/3qnpNDL

**2.** _________________



https://bit.ly/3mBWMIh

**3.** _________________



https://bit.ly/3qmGaQX

**4.** _________________



https://bit.ly/2JugktG

**5.** _________________



## Isaisip

**Panuto:** Sagutin ang tanong.

1. Ano ang dapat mong gawin para maibahagi mo ang taglay mong talino at kakayahan sa iyong kapwa?

_______________________________________________

2. Ipapaliwanag ang kaibahan ng talino at kakayahan?

_______________________________________________



## Isagawa

**Panuto:** Basahing mabuti ang sitwasyon. Isulat ang titik ng angkop na sagot.

1. Sino ang nagpapakita ng tama sa kanyang taglay na talino at kakayahan?
   **A.** Si Rose na nakasimangot habang gumuguhit.
   **B.** Si Chanella na nakangiti habang sumasayaw.
   **C.** Si Dianne na nahihiya habang umaawit.
2. Ano ang gagawin mo pagniyaya ka ng iyong kaibigan upang mag-aral sa pagtugtog ng instrumento?
   **A.** Hindi sasama dahil eksperto na sa instrumento.
   **B.** Sasama para mas lalong matuto.
   **C.** Sasama ngunit manonood lang.
3. Ang kakayahang hindi ginagamit o ipinapakita ay___.
   **A.** Makalimutan o mawala ng tuluyan.
   **B.** Mas lalo pang humusay
   **C.** Hindi gagamitin kung hindi kinakailangan.

4. Ano ang gagawin mo kung pinakiusapan ka ng iyong guro na turuan ang iyong kaklase sa aralin niya?
   **A.** Buong pusong susundin ang pakiusap ng guro
   **B.** Mag tataingang kawali sa sinabi ng guro
   **C.** Sabihing marami siyang gagawin
5. Lumapit sa iyo ang iyong kapatid dahil nahihirapan siya sa kanyang takdang aralin.
   Ano ang gagawin mo?
   **A.** Papaluin ang kapatid
   **B.** Hindi pakikinggan
   **C.** Masayang tuturuan ang kapatid.



# Tayahin

## Ang Magpinsan na Boy Scout

Si Mario at Jose ay magpinsan at iisa ang kanilang paaralan. Pareho silang boy scout at matalinong bata sa loob ng klase. Magaling din silang pareho sa pagsayaw, pag-awit at pagpinta. Sa kanilang dalawa si Mario lamang ang kilala ng lahat ng guro at karamihan sa mga mag-aaral.

Palaging sumasali si Mario sa mga paligsahan samantalang si Jose ay hindi dahil nahihiya ito. Tinuturuan din ni Mario ang mga kaklase niya na nahihirapan sa mga aralin ngunit si Jose ay nag-aaral mag-isa. Kaya naman sa kanilang magpinsan mas kilala at maraming kaibigan si Mario.

**Panuto:** Isulat ang titik ng wastong sagot.

______1. Sino ang magpinsan sa kwento?
**A.** Jose at Yana **B.** Mario at Jose **C.** Arnel at Ima

______2. Ano-ano ang mga kakayahan nila?
**A.** pagsayaw, pag- awit, at pagpinta
**B.** pagpinta, pagsayaw, at pagaro
**C.** Wala silang talento.

_____3. Paano ito ibinahagi ni Mario sa iba?

**A.** Hindi siya sumasali sa mga pagtatanghal.

**B.** Lagi siyang sumasali sa paligsahan.

**C.** Hindi na kailangan dahil sikat na siya.

_____4. Magkahalintulad ba ng pag-uugali si Mario at Jose?

**A.** Hindi **B.** Oo **C.** Minsan

_____5. Sino sa kanilang dalawa ang tutularan mo?

**A.** Mario **B.** Jose **C.** Maria



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng isa sa iyong mga kakayahan at sabihin kung paano mo ito maibabahagi.



# Sanggunian


Source Image: Woman Cooking https://freesvg.org/img/publicdomainq-cook.png , Date Access November 26, 2020

Klara Viskova,Vector - Kids planting tree theme image 1 - eps10 vector illustration, https://www.123rf.com/,Image ID : 48150573, date accessed:November 26, 2020, https://previews.123rf.com/images/clairev/clairev1511/clairev151100065/48150573-kids-planting-tree-theme-image-1-eps10-vector-illustration-.jpg

Source Image: Teacher Reading Clipart http://clipart-library.com/img/801788.jpg, date accessed: November 26, 2020

PAGSAYAW CLIPART 2 https://clipartstation.com/wp-content/uploads/2018/10/pagsayaw-clipart-2.jpg, date accessed: November 26,2020

Source Image: Gardening Cliparts #116096 http://clipart-library.com/image_gallery/457956.jpg, date accessed: November 26,2020

Arvin U. de la Peña, writtenfeelings, http://arvin95.blogspot.com/, MONDAY, JULY 19, 2010, date accessed: November 26,2020 , https://1.bp.blogspot.com/_0jlNZOkf_7I/TERtFTb5z6I/AAAAAAAAAk8/KK42l-CBNIA/s1600/1.jpeg

Source Image: Clipart writing children's https://webstockreview.net/images/clipart-child-wave-goodbye-10.png, date accessed: November 26,2020

Ma'am Jennifer B. Tabligan, https://depedzambales.ph/ page 15, date accessed: November 26,2020 , https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcTtwl82b_NM5AuOUARsJrJ3yK-trT92iLk0JQ&usqp=CAU



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Shiela B. Caray**
Teacher – 1
Habib Moin Anduhol Memorial Elementary School
Ipil District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: **Rethel Ann C. Dadulo**
**Mary Grace A. Hore**

Tagasuri: **Baby Aida S. Awang**
**Rowena D. Quiboyen**
**Mona Lisa M. Babiera**, EPS-EsP

Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**, OIC-CID Chief EPS
**Aurelio A. Santisas**, OIC ASDS
**Jerry C. Bokingkito** , OIC ASDS
**Jeanelyn A. Aleman,** CESO VI, OIC SDS